ANONG PWEDENG ILAGAY SA IYONG BERDENG KOMPOST CART/BASURAHAN?

ISAMA NA ANG PAGKAIN!

MGA TIRA-TIRA AT NASAYANG NA PAGKAIN

- Prutas
- Gulay
- Mga produktong gatas: mga solid at semi-solid sa temperatura sa silid (tulad ng keso at yogurt)
- Tinapay at mga inihurnong pagkain
- Pasta, kanin, butil, at cereal
- Beans, mani, at mga buto
- Karne, pagkaing-dagat, manok, at buto (tulad ng mula sa isda at manok)
- Balat ng itlog, balat ng mani, at mga kabibi
- Mga tira-tira at bulok na pagkain
- Mga tira sa mesa at plato
- Latak ng kape at dahonng tsaa

BASURANG BERDE

- Damong tinabas
- Mga dahon
- Mga sanga
- Mga pinagtabasan ng halaman
- Dahon ng niyog
- Totoong Christmas Tree

HUWAG ISAMA

- Mga likido
- Papel at mga produktong papel
- Plastik
- Metal
- Mga babasaginTaba, at mantika (FOG)
- Materyales na nabubulok (MCM): mga produktong may label na Nabubulok Biodegradable
- Dumi ng alagang hayop
- Mga tasa na itinatapon para sa kape
- Mga lalagyan ng takeout at mga kahon ng pizza
- Balot at pakete ng fast food
- Kork, goma, mga sticker ng prutas at gulay, at twist ties
- Dumi, bato, ladrilyo, at mga paso

Ang City ay isisimula ang isang pilotong programa G.R.O.W. (Green Recycling Organic Waste) upang ISAMA ANG PAGKAIN sa berdeng kompost cart/basurahan. Kung nakatira ka sa Waipahu, Nānākuli, Hawai'i Kai, Mililani, Kailua, o Kalihi, at tumatanggap kayo ng awtomatikong koleksyon sa gilid ng kalsada mula sa City at County ng Honolulu, maaari mo nang simulan ang paglagay ng mga tira-tira at nasayang na pagkain sa iyong berdeng kompost cart sa Abril 1, 2026! Sa hinaharap, palalawakin ng City ang programang ito sa buong isla.

CITY AND COUNTY OF HONOLULU · STATE OF HAWAII

ENV Community. Commitment. Continuity.

honolulu.gov/opala

GROW GREEN RECYCLING ORGANIC WASTE

Programang G.R.O.W. - Berde na Pagre-recycle ng Organikong Basura
City at County ng Honolulu
Departamento ng Environmental Services, Dibisyon ng Basura

MGA TIP PARA SA BERDENG COMPOST CART

KUNG TUMUTUBÓ, ITATAPON!

IKLASE NANG MAAYOS

Ang paglalagay ng maling bagay sa iyong berdeng kompost cart/basurahan ay maaaring magdulot ng malaking problema sa pasilidad ng kompost. Ang kontaminasyon ay ang nagpapabagal sa proseso ng kompost at negatibong nakakaapekto sa kalidad ng kompost. Ang mga kontaminadong truck na ay maaaring hindi tanggapin at mapunta sa landfill.

Pakiusap (kōkua) at tumulong sa pag-liligpit ng tamang mga materyales sa tamang basurahan (berde, asul, o abo).

HUWAG ILAGAY

Sa iyong berdeng kompost cart/basurahan kung yes ang iyong sagot sa mga sumusunod na tanong:

- Likido ba ito kung nakalagay sa temperatura ng silid?
- Papel o karton ba ito?
- Plastic, metal, o mabasagin ba ito?
- Taba,, o mamantika ba ito?
- Isa ba itong produktong may label na 'compostable' o 'biodegradable'?*

**Ang City ay pinagsisikapan na tanggapin ang mga ginawang compostable na materyales sa hinaharap.*

PAANO PANATILIHIN NA MALINIS ANG IYONG BASURAHAN O LALAGYANAN

- Ilabas ang iyong berdeng cart/basurahan tuwing ikalawang linggo sa itinakdang araw.
- Budburan ng baking soda para mabawasan ang amoy.
- ipag palit-palitin ang basurang organiko at tirang pagkain, simulan sa basurang organiko sa ilalim ng cart/basurahan upang masipsip ang anumang natitirang likido mula sa tirang at nasayang na pagkain.
- I-freeze ang mga tira-tirang pagkain at ilagay sa iyong berdeng compost cart sa gabi o bago sa umaga ng araw ng koleksyon.
- Ilagay ang berdeng cart/basurahan ng kompost sa lilim at isara ang takip.

Madaling makakuha ng tulong:

1. **Online:** honolulu.gov/env/grow
2. **Hotline:** (808) 768-3200
3. **Email:** opala@honolulu.gov

Sundan kami sa social media!

@HNL.ENV @HNL.ENV1 @HNL_ENV

BISITAHIN ANG AMING WEBSITE!